Pangalan: ______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Epiko sa Panahon ng mga Katutubo, Espanyol, at Hapones

Basahin ang akdang Agyu.

Buod ng Agyu

(Epiko ng mga Iiionon/Manobo)

Ang mga bayaning sina Banlak, Agyu, at Kuyasu ay naninirahan sa bayan ng Ayuman. Sa tradisyong Ilianon, sila'y itinuturing na mga anak ni Pamulaw. Si Agyu ay may apat na kapatid na babae, ngunit ang nabanggit lamang sa epiko ay sina Yambungon at Ikawangon. Isang araw, nagpadala si Agyu sa datung Moro ng siyam na buo-buong pagkit o sera sa pamamagitan nina Kuyasu at Banlak. Napansin ng datung Moro na kakaunti at hindi sapat ang pagkit na ibinayad kung kaya't ibinalibag niya ito at tumama ito sa ulser ni Kuyasu. Bunga nito, sinibat ni Kuyasu ang datung Moro sa dibdib na siya niyang ikinamatay. Dahil sa pangyayari, nasisiguro ni Kuyasu na uusbong ang digmaan. Upang makapagtago, tinahak nila Agyu ang daan patungo sa bundok Ilian upang doon magtayo ng kanilang kuta. Hindi naglaon ay may mga mandirigmang Moro na nakatagpo sa kutang itinayo nila Agyu. Nakipaglaban sila Agyu sa mga Moro upang maipagtanggol ang kanilang kuta at nanalo sila.

Pagkatapos ng labanan, nagpasya sina Agyu at Kuyasu na lumipat na sa bundok ng Pinamatun. Sa kanilang paglalakbay, narating nila ang bayan ng Tigyandang na kanilang sinalakay. Nagkaroon ng madugong labanan sa look ng Linayagon dahil dito. Ngunit naubos ang mga tauhan nila Agyu kung kaya't nagpasiya si Tanagyaw, anak ni Agyu, na siya ang mamumuno at sasagupa sa mga kalaban. Nang mag-ikaapat na araw, napatay lahat ni Tanagyaw ang mga kalaban. Ipinagpatuloy nina Agyu ang paglalakbay at nakarating sila sa bayan ng Bablayon. Nalaman nina Agyu na may mga mananakop na nais lusubin ang bayang ito kung kaya't tinulungan nina Tanagyaw ang mga mamamayan ng Bablayon upang lumaban sa mga mananakop. Kalaunan ay nanalo si Tanagyaw. Dahil dito, ipinakasal ng datu ang kaniyang anak kay Tanagyaw.

Hindi nagtagal ay nanganib din ang bayan nina Agyu dahil sa mga dayuhang mananakop na galing sa ibayong-dagat. Inihanda nilang lumaban ang mga lalaki, bata, at matatanda ngunit nagapi pa rin sila ng mga kalaban. Ang propeta ng kanilang bayan ay nagsabing magkakaroon ng malagim na wakas ang bayan ngunit hindi ito nagustuhan ni Tanagyaw kung kaya't pinarusahan niya ang propeta. Bilang paghahanda sa laban, nagbihis siya ng sampung suson na may siyam na kapal at kinuha ang kaniyang panlabang sibat at ang kalasag na hindi nasisira. Nilusob niya ang mga mananakop hanggang sa nagpatongpatong na ang katawan ng mga namatay sa labanan.

Dahil sa matagumpay na pakikipaglaban, itinalaga ni Agyu na pinuno ng bayan si Tanagyaw kasama ang maganda nitong asawa.

Halaw sa https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-ofepics-mga-epiko-agyu-epiko-ng-ilianon_937.html

**I. Panuto:** Isulat sa loob ng bagon ang mahahalagang pangyayari sa binasang epikong Agyu ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

| 1. Unang Pangyayari | 2. Ikalawang Pangyayari | 3. Ikatlong Pangyayari | 4. Ikaapat na Pangyayari |
|---|---|---|---|
| | | | |

**II. Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang tamang sagot sa nakalaang patlang.

1. Sino ang itinuturing na bayani ng mga Ilianon?
______________________________________________
2. Ano ang naging sanhi sa paglisan nina Agyu at ng mga kasamahan niya sa dating tinitirahan?
______________________________________________
3. Paano ipinakita ni Agyu ang pagiging uliran niyang ama?
______________________________________________
4. Masasabi ba na naging maayos na pinuno si Agyu? Bakit? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
5. Sino sa mga pinuno ng lipunan ngayon ang maihahalintulad mo kay Agyu? Ipaliwanag kung bakit siya ang iyong napili.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________